



## PAUNAWA NG KAALAMAN SA MGA KARAPATANG PANGMAMAMAYAN

### ANG IYONG KARAPATANG PANGMAMAMAYAN

#### ANO ANG MGA KARAPATANG PANGMAMAMAYAN?

Ang mga Karapatang Pangmamamayan ay mga batas na nagtatanggol sa mga tao laban sa di-patas na pagtrato . Ang Batas ng mga Karapatang Pangmamamayan ng 1964, Seksiyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973, ang Batas ng mga Amerikanong May-Kapansanan ng 1990 at iba pang mga batas ng pederal at Estado ay nagsasaad na ang di-patas na pagtrato ay labag sa batas sa mga programang tumatanggap ng salaping tulong mula sa pederal at Estado.

#### SINO ANG PINOPROTEKTAHAN NITO?

Kung nag-aaplay o tumatanggap ka ng salaping-tulong, Medi-Cal, Food Stamps, o mga Serbisyong Panlipunan sa County ng Los Angeles, ikaw ay protektado sa ilalim ng batas laban sa di-patas na pagtrato tungkol sa mga benepisyong ito at ikaw ay may tiyak na mga karapatan:

May karapatan kang tumanggap ng kaparehong mga serbisyo, pakundangan, at patas na trato na ibinibigay sa lahat ng mga aplikante o kalahok anuman ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bayang pinagmulan (sakop nito ang pagsasalita ng ibang wika na iba sa Ingles), panig sa pulitika, kapansanan, gulang o katayuang matrimonyal, grupong etniko ng pagkilala, oryentasyong sekswal o anumang iba pang kadahilanan.

Ikaw ay may karapatan:

- sa libreng mga serbisyo para sa tagasalin kung kinakailangan mo ng tulong sa pag-aaplay o para patuloy na makatanggap ng mga benepisyong mula sa amin; at
- mabigyan para sa iyong kaso ng bilinggwal na manggagawa na nagsasalita ng iyong wika kung ito ay isa sa mga sumusunod: Armenian, Cambodian, Chinese, English, Farsi Korean, Russian, Spanish, Tagalog at Vietnamese; at
- sa libreng mga serbisyo para sa tagasalin para sa iyong kaso kahit na ang iyong wika ay iba sa nakalista sa itaas; at
- tumawag sa tanggapan at ipasalin at ipaliwanag sa iyong wika ang natanggap mong Paunawa na nasa wikang Ingles.

#### PAANO MAGREKLAMO TUNGKOL SA MGA KARAPATANG PANGMAMAMAYAN

Kung sa paniwala mo ikaw ay tinarato ng di-patas dahil sa iyong lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bayang pinagmulan, panig sa pulitika, kapansanan, gulang, o katayuang matrimonyal, grupong etniko ng pagkilala, oryentasyong sekswal o anumang iba pang kadahilanan, maaaring gawin ang isa o ang lahat ng sumusunod na hakbang:

Maaaring kausapin ang Kinatawan ng mga Karapatang Pangmamamayan sa lokal na tanggapan. Tutulungan ka niyang lutasin ang iyong reklamo at/o ipapaliwanag ang iyong mga karapatan. Sakop nito ang tulungan kang makakuha ng PA 607, "Karaingan sa Hindi Patas na Pagtrato", at tutulungan kang kumpletuhin ang pormularyo. Maaari makipag-ugnayan sa Seksiyon ng Karapatang Pangmamamayan ng Kagawaran ng Pamublikong Serbisyong Panlipunan (DPSS) ng County ng Los Angeles o sa Estado sa mga lugar at mga telepono na nakalista sa susunod na hanay.

Maaari kang humiling ng isang pagsisiyasat sa Seksiyon ng Karapatang Pangmamamayan ng DPSS kahit sa salita o sa sulat sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Pangkat sa Karapatang Pangmamamayan. Maaari mong gamitin ang PA 607 para isulat ang iyong reklamo. Ang PA 607 ay maaaring makuha sa sinumang tao o kinatawan ng organisasyon ng pamayanang humihiling nito. Maaari mong kumpletuhin ito o hilingin sa Kinatawan ng mga Karapatang Pangmamamayan na kumpletuhin ito para sa iyo. Makikipag-ugnayan sa iyo ang Pangkat sa Karapatang Pangmamamayan sa loob ng mga 20 araw mula ng natanggap ang iyong reklamo para sa karagdagang impormasyon. Sisiyasatin ng Pangkat ng Karapatang Pangmamamayan ang reklamo at ipagbibigay-alam sa iyo ang kanilang mga natuklasan sa pamamagitan ng liham. Kung hindi ka sang-ayon sa natuklasan ng County, maaari kang umapela sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California, o kung ito ay may kaugnayan sa Programa ng Food Stamp, sa Kagawaran ng Agrikultura ng U.S.

**Dapat mong iharap ang iyong reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa na sa paniwala mo ikaw ay tinarato ng di-patas.**

Maaari kang magharap ng iyong reklamo sa isa o sa lahat ng sumusunod na nararapat na mga sangay ng County, Estado at pederal: Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California, Kagawaran ng Agrikultura, o Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at sa Tao ng U.S.

#### Tanggapan ng County

Department of Public Social Services  
Civil Rights Section  
12860 Crossroads Parkway South  
City of Industry, California 91746  
Numero ng Telepono: (562) 908-8501

#### Tanggapan ng Estado

California Department of Social Services  
Civil Rights Bureau  
744 "P" Street, M-S. 8-16-70  
Sacramento, California 95814  
Numero ng Telepono: (866) 741-6241

#### Tanggapan ng Pederal

U.S. Department of Health and Human Services  
Office for Civil Rights  
907<sup>th</sup> Street, Suite 4-100  
San Francisco, California 94102  
Numero ng Telepono: (800) 368-1019

#### Programang Food Stamp

U. S. Department of Agriculture  
Food and Nutrition Services  
Office of Civil Rights - Western Region  
907<sup>th</sup> Street, Suite 10-100  
San Francisco, California 94108  
Numero ng Telepono: (888) 271-5983

(KABILANG PANIG)

**PAGDINIG SA ESTADO**

Kung kinakailangan mo ng karagdagang tulong tungkol sa aksiyon ng County sa iyong aplikasyon para sa tulong o sa iyong mga benepisyong tulong pampubliko, maaari mong gawin ang mga sumusunod na hakbang:

Magharap ng isang Pagdinig sa Estado sa loob ng 90 araw mula sa aksiyon ng County. Ang 90-araw na panahon ay gagamitin pa rin kahit na ikaw ay nagharap ng isang reklamo sa mga Karapatang Pangmamamayan. Maaaring matanggap ang Naantalang Bayad na Tulong (Aid Paid Pending) kung magharap ng kahilingan para sa pagdinig bago ang petsa kung kailan ang hakbang ay may-bisa.

Para humiling ng pagdinig:

Sa pamamagitan ng telepono, mangyaring tumawag sa (800) 952-5253. Ang teleponong ito ay laging abala.

Sa pamamagitan ng koreo, kumpletuhin ang likurang bahagi ng anumang Paunawa ng Aksiyon (liham) mula sa tanggapan ng kagalingan o sumulat (itago ang kopya), at ipadala ang iyong kahilingan sa Appeals and State Hearings, P.O. Box 18890, Los Angeles, CA 90018

Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa mga Karapatang Pangmamamayan at Pagdinig sa Estado sa mga lugar ng pagtanggap (reception area) sa mga tanggapan ng Distrito/Rehiyonal. Maaari kang humingi ng polyeto ng Estado, Ang iyong mga Karapatan Sa Ilalim ng mga Programa ng Kagalingan sa California (PUB 13), na maaaring makuha sa lahat ng lugar ng pagtanggap.

Instructions

- To be given and explained to applicants/participants at time of application and recertification/redetermination or mailed to applicants/participants if a face-to-face contact is not required.
- Filing/Retention – Not Applicable